Mga kasalukuyan at nakaplanong hakbang para isulong ang pagkakapantay-pantay ng mga lahi

Lupon ng Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho

Ang Lupon ng Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho (Ang Lupon) ay naitatag sa ilalim ng Ordinansa ng Pagkabingi (Kompensasyon) dahil sa Trabaho para mabayaran ang mga taong naghihirap sa pagkabingi na dala ng ingay mula sa kanilang trabaho. Ang Lupon ay nagsasagawa rin at nagpopondo ng mga pang-edukasyon at mga programa para sa kamalayan ng publiko na may hangaring maiwasan ang pagkabingi dahil sa trabaho o ang occupational deafness (OD).

A. Aplikasyon para sa Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho at Pagsusulong ng Pangangalaga ng Pandinig

Mga Kaugnay na Serbisyo	● Pinoproseso at tinutukoy ang mga aplikasyon para sa kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho at pinapalawig ang kamalayan ng publiko sa pangangalaga ng pandinig.
Mga Kasalukuyang Hakbang	● Ang Lupon ay nagbibigay ng mga serbisyo sa wikang Chinese at Ingles. ● Ang mga pangunahing form ng aplikasyon para sa pag-aplay ng kompensasyon at mga Sertipiko ng Determinasyon ay parehong makukuha sa wikang Chinese at Ingles. Kung kinakailangan, magsasaayos ng serbisyong interpretasyon at pagsasalin para sa mga aplikante na mula sa iba't ibang pinagmulan.
Pagsusuri ng magiging Trabaho sa Hinaharap	● Sa anumang oras, susuriing muli ng Lupon ang mga serbisyong ibinigay sa mga aplikante na mula sa iba't ibang pinagmulan at kung nararapat ay gagawa ito ng mga pagbabago o pagpapabuti ng mga serbisyo. ● Ang Lupon ay magkokolekta ng mga datos at istatistika (hindi personal na datos) na may kinalaman sa mga serbisyong ginagamit ng mga tao mula sa iba't ibang pinagmulan para suriin ang pangangailangan para sa iba

pang mga serbisyo.

Karagdagang mga Hakbang na Ginawa/Gagawin pa Lamang	● Ang mga polyeto at pamplet na may impormasyon tungkol sa Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho at pangangalaga ng pandinig sa mga sumusunod na walong wika (Indonesian, Nepali, Urdu, Punjabi, Tagalog, Thai, Hindi at Vietnamese) ay makikita online at may mga nakaprintang kopya na ipinamahagi sa service counter ng opisina ng ODCB. ● Nag-aplay ang Lupon para sa serbisyo ng libreng interpretasyon sa Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents (CHEER) para sa mga aplikante ng Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho at kanilang mga pamilya na hindi nakakapagsalita o nakakaintindi ng wikang Chinese o Ingles. Ang mga anunsyo sa iba pang mga pangunahing wika (tulad ng Tagalog, Bahasa Indonesian, Thai, Hindi, Urdu, Nepali, Punjabi at Vietnamese) ay ilalagay sa loob ng opisina kung saan madali itong mapapansin at makikita para isulong ang serbisyo.

B. Pagsasanay para sa mga Kawani

Mga Kaugnay na Serbisyo	● Para malinang ng husto ang kamalayan ng aming mga kawani sa pagkasensitibo ng talakayang tungkol sa lahi at ng kanilang pang-unawa sa Ordinansa ng Diskriminasyon ng Lahi.
Mga Hakbang na Gagawin pa Lamang	● Ang Lupon ay maghahanda ng mga naaangkop na programa ng pagsasanay para sa mga kawani na itinakda ng Komisyon para sa Pantay-pantay na Oportunidad at kaugnay na mga organisasyong hindi pampamahalaan.

Para sa mga katanungan na may kinalaman sa aming mga kasalukuyan at nakaplanong hakbang para isulong ang pagkakapantay-pantay ng mga lahi, mangyaring kontakin ang Direktor ng mga Operasyon sa pamamagitan ng mga sumusunod na channel:

Telepono	:	2723 1288/2723 1928
Fax no.	:	2581 4698
Email	:	contact@odcb.org.hk
Lokasyon	:	Office A-B, 15/F, Billion Plaza II, 10 Cheung Yue Street, Cheung Sha Wan, Kowloon, Hong Kong

Lupon ng Kompensasyon sa Pagkabingi dahil sa Trabaho
Enero 2021